

Paghingi ng tawad ng Papa sa mga Katutubo: Premiye Kenney

Hulyo 25, 2022 [Mga katanungan sa media](#)

Inilabas ni Premiye Jason Kenney ang pahayag na ito pagkatapos gumawa ng makasaysayang paghinggi ng tawad si Papa Francis sa mga Katutubong Tao sa Canada:

“Ang makasaysayang paghinggi ng tawad ni Papa Francis ngayon sa Maskwacis ay batay sa mga dekada ng katotohanan at pagsusumikap sa pagkakasundo. Kinakatawan nito ang isang tunay na makasaysayang sandali sa pagharap sa madilim na kasaysayan ng mga residensyal na paaralan at ikinarangal ng Alberta na maganap ito dito.

“Ang patakaran ng pamahalaan ng mga residensyal na paaralan, kung saan nakilahok ang mga simbahan, ay lumikha ng malalalim na sugat na hindi madali o mabilis na gumaling. Gayunpaman, nakita natin sa Maskwacis ang pagiging matatag ng mga Katutubong Tao sa pagpapanatili ng kanilang kultura, gayundin ang mabuting kalooban ng mga Katoliko at iba pang mga Canadian sa parehong katotohanan at pagkakasundo.

“Ang mga Albertan ay nakatuon sa pakikipagtulungan sa mga Katutubong Tao para sa pag-unlad ng kanilang mga komunidad. Ang presensya ni Papa Francis sa ating lalawigan ay nag-aanyaya sa atin na baguhin ang pangakong iyon isinasaalang-alang ang kanyang paghihikayat na pagalingin ang mga sugat ng nakaraan. Ang matalinong mga salita ng Banal na Papa ay nagpapaalala sa atin na ang gayong pagpapagaling ay hindi lamang isang usapin ng mga patakaran at mga programa, ngunit dapat kumuha ng malalim na mga espirituwal na mapagkukunan ng mga komunidad ng Katutubo at Katoliko sa Alberta. Hinihikayat ko ang lahat ng mga Albertan na sumali sa mga Katutubong Tao sa mga panalanging iyon ngayon.”

Mga katanungan sa media

Harrison Fleming

403-561-9014

Diputadong Direktor, Pamahalaan ng mga Komunikasyon Opisina ng Premier

[Tingnan ang anunsyo na ito online](#)
[Silid ng balita ng Pamahalaan ng Alberta](#)
[Makipag-ugnayan sa pamahalaan](#)
[Kanselahin ang subskripsyon](#)
